

COVID-19 – Impormasyon sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho para sa mga lugar ng trabaho

Ang papel pangkaalaman na ito ay tutulong sa iyo na gawing ligtas sa COVID-19 ang iyong lugar ng trabaho. May makukuha ring iba pang [Impormasyon sa COVID-19 sa iyong wika](#).

Ang mga batas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho ay nag-aatas sa iyo na pangalagaan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng iyong mga manggagawa at iba pang tao sa iyong lugar ng trabaho, kabilang ang iyong sarili, ang iyong mga kawani, mga kustomer at mga bisita. Kailangan mong alisin o bawasan ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan hangga't maaari. Ito ang batas.

Magplano at makipag-usap

Kailangan mong pamahalaan ang panganib ng pagkakalantad sa COVID-19 sa iyong lugar ng trabaho. Upang panatilihin ligtas ang mga manggagawa, kailangan mo ng isang plano para sa iyong lugar ng trabaho na kinabibilangan ng pisikal na pagdistansiya, kalinisan at paglilinis.

Upang matiyak na mabisa ang iyong plano, kailangan mo ring:

- Maging nakaagapay (up to date) sa pinakahuling impormasyon mula sa mga pinagtitiwalaang sanggunian. Kabilang sa [Public Health Directions](#) sa inyong estado o teritoryo ang mga tuntunin tungkol sa mga paghihigpit at mga kahingian (requirements) para sa uri ng iyong negosyo.
- Maghanda ng iyong gagawin kung magkaroon ng COVID sa iyong lugar ng trabaho.
- Isaalang-alang ang anumang bagong panganib na sumulpot mula sa mga pagbabago sa paraan ng iyong pagtatrabaho (hal. galit ng kostumer, o mga manggagawang inihihwalay).
- Kausapin ang iyong mga manggagawa at pag-isipan ang kanilang mga alalahanin.
- Sanayin ang mga kawani at tiyakin na alam ng lahat kung ano ang gagawin.
- Magpaskil ng [mga karatula at mga poster](#) para paalalahanan ang mga tao tungkol sa mga panganib ng COVID-19 at kung paano mapipigilan ang pagkalat.

Pigilan ang pagkalat ng COVID-19

- Ikaw at ang iyong mga manggagawa ay dapat manatili sa bahay kung kayo ay may sakit (lagnat, ubo, namamagang lalamunan at pangangapos ng hininga).
- Tiyakin na mapapanatili ng mga tao ang pisikal na pagdistansiya sa isa't isa na hindi bababa sa 1.5 metro.
- Hikayatin ang mga manggagawa na laging maghugas ng kanilang mga kamay nang hindi bababa sa 20 segundo gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitiser na batay sa alkohol.
- Hiyakatin ang mga manggagawa na ugaliin ang wastong kalinisan at umubo o bumahing sa kanilang braso.

- Tiyakin na ang iyong lugar ng trabaho ay regular na nililinis at dinidisimpekta. Mas madalas na linisin ang mga iba-ibabaw na laging nahahawakan.
- Kumuha ng pansariling kagamitang pamproteksiyon (tulad ng mga guwantes at mask) para sa mga manggagawa kung kailangan nila ito. Turuan sila kung paano ito gagamitin.

Pagrepaso

- Repasuhin nang regular ang iyong plano upang matiyak na gumagana ito at napapanatiling ligtas ang mga manggagawa laban sa COVID-19.
- Kung may anumang bagong panganib na lumitaw, isaalang-alang kung kailangan mong magtalaga ng karagdagang mga hakbang.

Para sa karagdagang impormasyon sa COVID-19 at kalusugan at kaligtasan sa trabaho, pumunta sa [website ng Safe Work Australia](#).

Para sa karagdagang mga papel pangkaalaman sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho, pumunta sa [website ng Impormasyon sa COVID-19 sa iyong wika](#).

Para sa impormasyong pangkalusugan, pumunta sa health.gov.au.

Para sa impormasyon na partikular sa iyong lugar ng trabaho, mangyaring kontakin ang may kaugnayang [regulator ng WHS sa inyong estado o teritoryo](#).